

Matapos kang mabakunahan

Gaya ng lahat ng mga gamot, ang bakuna ay maaaring magdulot ng mga side effect sa ilang mga tao. Ito ay normal na pagtugon ng katawan at nagpapakita na gumagana ang bakuna. Ang mga side effect ay karaniwang banayad lamang, hindi nagtatagal, at hindi pipigil sa iyo upang kumuha ng ikalawang dosis o magpatuloy sa iyong pang-araw-araw na buhay.

Ano ang maaari mong maramdaman	Ano ang makakatulong	Kailan ito maaaring magsimula
Pananakit sa bandang ininiksyunan, sakit ng ulo at pakiramdam ng pagkapagod at pagkahapo. Ang mga ito ang pinaka-karaniwang mga side effect na naiuulat.	Magpatong ng malamig, basang tela, o ice pack sa bandang ininiksyunan nang sandali lamang. Huwag kuskusin o masahihin ang bandang ininiksyunan.	Sa loob ng 6 hanggang 24 na oras.
Ang pananakit ng kalamnan, masamang pakiramdam, pangingiki, lagnat, pananakit ng kasukasuan, at pagkaliyo ay maaari ring maramdaman.	Magpahinga at uminom ng maraming inumin. Maaaring uminom ng paracetamol o ibuprofen, sundin ang mga tagubilin ng gumawa. Humingi ng payo mula sa iyong propesyonal ng kalusugan kung lumala ang iyong mga sintomas.	Sa loob ng 6 hanggang 48 oras.

Ang mga malulubhang allergic reaction ay maaaring mangyari ngunit lubhang madalang ang mga ito. Ang mga tagapagbakuna sa New Zealand ay sinanay upang pamahalaan ang mga ito. Ang ilang mga side effect ay pansamantalang makakaapekto sa iyong kakayahang magmaneho o gumamit ng makinarya. Sakaling mangyari ang di inaasahang ganito, talakayin lamang ito sa iyong tagapag-empleyo.

Kung ikaw ay dumaranas ng mga sintomas na maaring kaugnay sa COVID-19, gaya ng panibagong sunud-sunod na pag-ubo, mataas na temperatura/lagnat, kawalan o pagbabago sa iyong karaniwang pang-amoy o panlasa, manatili sa bahay at magpasuri para sa COVID-19.

Kung ikaw ay may di-inaasahang reaksiyon sa iyong pagbabakuna laban sa COVID-19, dapat itong iulat sa

Centre for Adverse Reactions Monitoring (CARM) ng iyong tagapagbakuna o propesyonal ng kalusugan.

Maaari mo ring iulat nang direkta ang anumang di-inaasahang mga reaksiyon sa pamamagitan ng pag-email sa CARM, o paggamit ng kanilang online na pormularyo ng pag-uulat sa website ng CARM otago.ac.nz/carm.

Kung hindi mo tiyak ang tungkol sa iyong mga sintomas, o kung lumalala ang mga ito, makipag-usap sa iyong GP o tawagan ang Healthline sa 0800 358 5453.

Kung ikaw ay kagyat na nag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan, tumawag sa 111 at tiyaking sasabihin mo sa kanila na ikaw ay nabakunahan na upang matasa ka nila nang mabuti.

**Unite
against
COVID-19**

New Zealand Government

